Simple N Informative

SNIPPET

Parent-to-Parent Education Tools

# (Re)habilitation sa Pandinig

## Mga Sanggunian:

Ano ang AR

Mga serbisyo ng AR

Ano ang kabilang sa AR?

**Ano ang (Re)habilitation sa Pandinig?**

- Ang rehabilitation sa pandinig (AR, akronim nito sa Ingles), na kadalasang tinutukoy bilang rehab sa pandinig, ay sumasaklaw sa napakaraming mga pamamaraan na naglalayong magamit nang husto ang kakayahan ng isang tao na lumahok sa mga aktibidad na naging limitado bilang resulta ng pagkawala ng pandinig.
- Sa mga batang bingi/mahina ang pandinig (d/hh, akronim nito sa Ingles), ang isang kasanayan ay maaaring wala sa simula pa lamang, kaya dapat itong ituro. Sa kasong ito, ang mga serbisyo ay magiging "habilitation," hindi "rehabilitation." Maaari mong marinig ang mga terminong ito na pinagpapalit-palit.
- Ang mga Speech-Language Pathologist (SLP), Developmental Therapist - Hearing (DT/H), at mga audiologist ay makakapagbigay ng mga serbisyo ng AR.
- Nag-aalok ang AR ng pagsasanay sa pandama ng pandinig na nagpapataas ng kamalayan sa tunog, pagkilala ng mga tunog, pagsasabi ng pagkakaiba sa pagitan ng mga tunog (diskriminasyon sa tunog), at pag-aaral na iugnay ang kahulugan sa mga tunog.
- Para sa mga pamilyang nag-aaral ng wikang pasenyas [sign language], ang AR ay nagbibigay ng isang tulay na nag-uugnay sa tunog na naririnig ng sanggol sa mga senyas na nakikita niya.
- Sa panahon ng AR, tutulong ang therapist sa:
  - Paggamit ng biswal na mga pahiwatig [visual cue] na nagbibigay kahulugan sa isang mensahe tulad ng ekspresyon ng mukha ng nagsasalita, galaw ng katawan, at konteksto at kapaligiran kung saan nagaganap ang komunikasyon.
  - Pagbuo ng pag-unawa sa sinasalita at/o sinesenyas na wika (resepsyon) at paggamit ng wika (pagpapahayag) ayon sa mga inaasahan sa debelopmental.
  - Pagpapabuti ng pang-unawa ng pamilya sa pagkawala ng pandinig, pagtuturo ng mga kasanayan sa adbokasiya, paano haharapin ang mga pagkasira ng komunikasyon, at kung paano baguhin ang mga sitwasyon upang gawing mas madali ang komunikasyon.
  - Pagtulong sa mga pamilya na magamit nang husto ang mga hearing aid at katulong na aparato sa pakikinig [assistive listening device].

11.23 AR

ANG PROYEKTONG ITO AY SUPORTADO NG EARLY HEARING DETECTION AND INTERVENTION PROGRAM NG ILLINOIS DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH AT NG PREVENTIVE HEALTH AND HEALTH SERVICES (PHHS) BLOCK GRANT NG CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION, AT ANG MGA NILALAMAN NITO AY RESPONSIBILIDAD LAMANG NG MGA MAY-AKDA AT HINDI SUMASALAMIN SA MGA PANANAW NG PINAGMUMULAN NG PONDO.